**SESYON 1: SI HESUS ANG MESIYAS**

Layunin: Upang makilala si Kristo at malaman ang katotohanan na mahal tayo ng Diyos at may mabuti siyang plano para sa ating kapakanan.

Pinalawak na Balangkas:

A. Ang sitwasyon ng mundo sa kasalukuyan
   1. Ang mundo ay patungo sa pandaigdigang sakuna.
      a. Mga digmaan (magbigay ng mga digmaang nangyayari sa kasalukuyan)
      b. Mayroong kahirapan.
         - Kagutuman sa iba't ibang panig ng mundo
         - Mayroong mahihirap na tao kahit na sa mayayamang bansa
      c. Mayroong Patayan
         - Partikular na ang aborsyon o pagpapalaglag na nagbubunga ng agpatay sa milyon-milyong hindi pa isinisilang na mga bata.
      d. Mayroong kawalan ng hustisya
      e. Pag-atake sa pamilya, pagkawasak ng kalikasan, pandaigdigang terorismo, pag-atake sa pagpili ng relihiyon. Ang kasamaan ay laganap sa buong panig ng mundo.
   2. Ang mundo ay tumalikod na sa Diyos.
      a. Kahit ang mga Kristiyano ay tumalikod na mula sa tunay na pananampalataya.
      b. Ang Simbahang itinatag ni Hesus ay winawasak na sa bawat panig nito, pati na rin mula sa loob nito.
         - Modernismo, liberalismo, kawalan ng kadisentahan, at kawalan ng pagkakaisa.
         - Mayroong mga lobo sa pagitan ng mga tupa.
   3. Diyos lang ang tanging makapagtatama ng mga bagay
      a. Ang mabuting balita ay mayroong Magandang plano ang Diyos para sa atin. Jer 29:11
      b. Nais ipakita ng Diyos ang daan. Is 48:17

c. Sa katunayan, ipinadala gn Diyos ang sarili Niyang naka upang tayo ay maligtas.
    - Ito ang pinakamagandang pagpapatunay ng Kanyang pag-ibig at pagmamalasakit. Jn 3:16

B. Kailangan nating tumingin kay Hesus

1. Kailangan nating tanggapin si Hesus bilang tagapagligtas at Panginoon. Rom 10:9
    - Si Hesus lang ang tanging tagapagligtas. Acts 4:12
2. Sino si Hesus?

a. Si Hesus ay tunay na kahanga-hangang tao.
    - Bilyon-bilyon sa panahon ngayon ang nagsasabi na tagasunod niya.
    - Libo-libo ang nag-alay ng buhay para sa pananampalataya nila sa Kaniya.
    - Ang Bibliya ang libro na tungkol sa Kanya ay ang pinakamabentang libro sa anumang panahon.

b. Si Hesus ay isa sa mga natatanging taong kinikilala sa kasaysayan.
    - Ang Kaniyang pagdating ay inaasahan at ipinamalita. Dahil sa mga propesiya sa Lumang Tipan, hinintay ng mga tao ang Mesiyas na naganap noong dumating si Hesus.
    - Noong dumating si Hesus, nahati ang kasaysayasan sa dalawa, nahahati ito sa dalawang panahon: BC (before Christ) and AD (Anno Domini)
    - Bawat taong isinilang sa mundong ito ay naparito upang mabuhay. Si Hesus ay naparito sa mundo upang mamatay. Ang Kanyang pagkamatay ang layunin at katuparan ng Kanyang buhay.

c. Pinakaimportante sa lahat, si Hesus ay Diyos
    - Muli't muli, sa kabuuan ng Kanyang pamumuno, sinasabi ni Hesus na Siya ay Diyos.
        - Jn 8:58, Jn 10:30

        - Malinawa sa mga Hudyo na sinasabi ni Hesus na Siya ay Diyos dahil sa parehas na pagkakataon ay pinagbabato nila Siya sa paglapastangan.
    - Bilang patunay sa Kanyang pagka-Diyos, si Hesus ay nagpatawad ng mga kasalanan. Mk 2:3-12. Paniniwala ng mga Hudyo, Diyos lang ang tanging makapagpapatawad ng kasalanan.
    - Bilang karagdagang patunay, binuhay ni Hesus si Lazaro mula sa pagkamatay. Jn 11:41-44 para sa mga Hudyo, Diyos lang ang tanging may karapatan na magbigay o bumawi ng buhay. Jn 5:21
  d. Si Hesus mismo a nabuhay mula sa pagkamatay. Siya ay nabuhay.

C. Upang mapagtagumpayan ang pagwasak ng mundo, kailangan natin si Hesus.
1. Sa likod ng kamalain sa mundo, mayroong masamang nilalang.
   a. Sinasabi sa atin ng Bibliya ang katotohanan tungkol kay Satanas. Eph 6:12
      - Hindi tayo humaharap sa mga kamaliang nangyayari sa Lipunan. Sa likod ng lahat ng ito ay may mas malaking bagay pa. Si Satanas ang dahilan ng lahat ng kasamaan.
      - Hindi natin kayang labanan si Satanas ng sarili lang natin.
   b. Ang lahat ng ating pagsisikap, kung hindi para sa Diyos ay walang saysay. Jn 15:5
      - Hindi natin mapagtatagumpayan ang mga balakid sa ating buhay Kristiyano gamit lamang ang sarili nating lakas.
2. Samakatuwid, kailangan natin si Hesus.
   a. Siya ay espirituwal na nilalang na mas makapangyarihan kaysa kay Satanas.
   b. Siya ang pinagmumulang ng ating buhay, kalakasan at kapangyarihan.
   c. Kay Hesus natin nararanasan ang kaganapan ng pag-ibig ng Diyos. Jn 3:16
      - Kapag ikaw ay natutuksong pagdudahan ang pag-ibig ng Diyos, tingnan mo lamang ang krus at si Hesus na nakabayubay sa krus para sayo.

D. Ano ang kailangan nating gawin?
1. Huwag nating kalimutan ang katotohanan.

   a. Mahal ka ng Diyos. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang bugtong na anak na si Hesus. Dahil kay Hesus tayo ay naligtas at naibalik ang relasyon natin sa Diyos kalakip ang kapunuan ng buhay na Kanyang ninanais.
   b. Hindi nais ng Diyos na tayo ay mabuhay sa buhay na puno ng sakit, kahirapan at kawalan ng hustisya. Gusto ng Diyos na ang mundo ay maging pook ng kapayapaan, hustisya at ng kaligayahan. Isang lugar kung saan makapaghahari Siya.
2. Tayo ay binigyan ng mapagpipilian: ang mabuhay sa kadiliman, buhay na puno ng kaalipinan mula kay Satanas, o ang mamuhay sa kaharian ng Diyos, ang buhay na may kalayaan, dignidad, kapayapaan at kaligayahan.
3. Tanggapin natin si Hesus na Mesiyas bilang tagapagligtas at ating Panginoon.

Kopya para sa mga kalahok

**SESYON 1: SI HESUS ANG MESIYAS**

1. Ang sitwasyon ng mundo sa kasalukuyan
   - Malubhang kaguluhan sa Lipunan: digmaan, kahirapaan, Patayan at iba pa.
   - Sa personal na lebel: kalingkutan, depresyon, takot at iba pa.
   - Gumagawa ng iba't ibang paraan ang tao upang mapabuti ang mundo, ngunit hindi nagtagumpay dahil hindi ito nakabatay sa karunungan ng Diyos.
2. Kailangan ng mundo si Hesus
   - Totoo si Satanas at siya ang nasa likod ng mga kasamaan sa mundo. Hindi natin kayang lampasan ang mga pagsubok sa buhay gamit ang lamang ang sarili nating lakas.
   - Si Hesus ang katuparan ng misyon ng pag-ibig ng Diyos. Dahil sa Kanya, ang planong kaligtasan ng Diyos ay maaaring magsimula at mangyari sa buhay natin.
3. Mga kailngan nating gawin
   - Tayo ay binigyan ng mapagpipilian: ang mabuhay sa kadiliman, buhay na puno ng kaalipinan mula kay Satanas, o ang mamuhay sa kaharian ng Diyos, ang buhay na may kalayaan, dignidad, kapayapaan at kaligayahan.
   - Mahal ka ng Diyos. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang bugtong na anak na si Hesus. Dahil kay Hesus tayo ay naligtas at naibalik ang relasyon natin sa Diyos kalakip ang kapunuan ng buhay na Kanyang ninanais. Kailangang nating tanggapin si Hesus bilang Diyos at tagapagligtas. Rom 10:9

Panimula ng talakayan

1. Sino si Hesus para sa iyo? Paano mo mailalarawan ang relasyon mo kay Hesukristo sa kasalukuyan?
2. Ano ang maaari mong gawin upang tumugon sa imbitasyon niya na magkaroon ng personal na relasyon sa Kanya?

Mga Banal na Kasulatan:

| | |
|---|---|
| Isaias 55:8-9 | Efeso 1:7-10 |
| Isaias 48:17-19 | Juan 3:16-18 |
| Jeremias 29:11-14 | Roma 10:9-13 |
| Juan 15:4-7 | |

Ang Hamon:

Minahal ka ng Diyos ng walang hanggang pag-ibig. Ang pagpapadala ng Diyos sa bugtong na anak Niya upang magpasakit at mamatay para sayo ay ang pinakang patunay ng pagmamahal Niya. Handa ka bang buksan ang iyong puso upang tanggapin nang buo ang pagmamahal Niya? Handa ka bang buksan ang iyong isip upang mas makita pa ang kayamanan ng plano ng Diyos para sa natitira pang mga oras dito sa Christian Life Seminar?

## SESYON 2: TINAWAG UPANG MAGING SAKSI

Layunin: Upang maunawaan kung ano ang kahulugan ng mabuhay gaya ni Kristo bilang buhay na saksi Niya.

Pinalawak na Balangkas

A. Ginawa ng Panginoon ang lahat upang tayo ay maligtas. Ngunit kailangan nating tumugon. Kailangan nating isabuhay ang mabuting balita ni Hesus sa ating buhay.
B. Ano ba ang tunay na Kristiyanismo? Ito ay makilala si Kristo, mabuhay kay Kristo, at maibahagi si Kristo.
    1. Ang makita at makilala si Kristo ay pagkakaroon ng personal na relasyon sa Kanya.
        a. Ito ay ang pagiging kaibigan ni Hesus.
    2. Upang mabuhay tayo kay Kristo, kailangan nating tumugon sa kabanal-banalang pagtawag at pagsunod.
        a. Kailangan nating maging banal gaya ni Kristong banal. 1 Pt 1:15-16
            - Tayo ay tinawag na maging perpektong Kristiyano. Mt 5:48
        b. Tayo ay totoong disipulo. Lk 9:23
            - Pagtanggi sa sarili
            - Pagyakap sa krus
            - Pagsunod kay Hesus
    3. Upang maibahagi si Kristo ay nararapat tayong lumahok sa pagiging saksi ni Hesus at italaga ang mabuting salita sa araw-araw nating pamumuhay
    4. Karagdagan, kailangan nating mahalin ang Diyos at ang ating kapwa. Mk 12:28-31
C. Pagmamahal sa Diyos
    1. Ano ang kahalagahan ng pagmamahal sa Diyos nang buong puso.
        a. Ang pagmamahal sa Diyos nang buong puso ay kinakailangan ng buong pagtitiwala sa Kanya.

- Ito ang pagpapasiya na unahin natin ang Panginoon, maging tapat sa Kanya, unahin ang Kanyang kaloob nang higit pa sa sarili nating kagustuhan.

b. Paano natin uunahin ang Panginoon sa ating buhay?
   - Nangangailangan ito ng pagpapasya na sundin Siya. Jn 14:15
   - Kailangan natin bumuo ng personal na pakikipagrelasyon sa Kanya
     - Kailangan natin maglaan ng sapat na oras sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin

2. Ano ang kahulugan ng pagmamahal sa Diyos nang buong isip.
   a. Upang mahalin ang Diyos nang buo nating pag-iisip ay nangangahulugan na paglingkuran natin Siya gamit ang ating isip, o gawin nating bukas ang ating isip para sa Kanyang hangarin.
   b. Ang paggamit natin ng ating isip ay maaaring magdulot ng mahanga-hangang kahihinatnan sa ating lipunan.
      - Maaari natin itong gawin upang makapag-ambag sa pag-unlad ng daigdig (halimbawa, siyensya, neurosurgery). O maaari rin itong maging kasangkapan sa pagkawasak (halimbawa: nuclear bomb, biological welfare).
   c. Paano natin iibigin at paglilingkuran ang Diyos nang buo nating pag-iisip?
      - Panatilihin nating malinis at banal ang ating isipan.
      - Maging mapagpasiya sa paggamit ng telebisyon, internet at iba pang media kung saan maaaring mamumulat ang ating isipan sa mga bagay na walang kinalaman sa pamumuhay ng isang Kristiyano.
      - Hayaang ang inyong isip ay mapuno ng mga bagay tungkol sa Diyos.
        - Paano tayo magiging kalugod-lugod sa Diyos.

        - Punuin ang iyong isip ng mga pagpapahalaga sa Diyos. Magbasa ng Bibliya, mga aklat ng Kristiyano at iba pang literaturang Kristiyano na maaring makatulong din sa pagbuo ng ating isipan.

3. Ano ang kahulugan ng pagmamahal ng Diyos nang buo nating lakas.
    a. Ito ay nangangahulugan na lahat ng ating biyaya ay maibabalik natin sa Panginoon – oras, salapi, enerhiya, pag-aari, handog, abilidad.
        - Tayo ay nilikha ng Diyos. Pag-aari Niya tayo. Kung ano ang tinatawag nating "atin" ay hindi talaga sa atin bagkus ay sa Kanya. Tayo ay tagpangalaga lamang.
        - Mayroon tayong tungkuling na mangasiwa at gamiting mabuti ang lahat ng ating biyaya ipinagkaloob sa atin. Kailangan nating kumilos nang naaayon sa kaloob ng Diyos.
    c. Ang konkretong hakbang na maaari nating gawin:
        - Sa pera: ikasampung bahagi, pagbahagi ng napagkukunan, panlilimos
        - Oras at talent
            - Gamitin natin nang hindi lang para sa ating sarili kundi para din sa iba.
            - Magboluntaryo sa mga gawaing pang-Kristiyano.
4. Ano ang kahulugan ng pagmamahal ng Diyos nang buo nating kaluluwa.
    a. Kinakailangan nating mahalin ang Diyos nang buo nating pagkatao (Lk 10:27) emosyonal, ispirituwal, mental, pisikal. Ang pag-ibig sa Diyos ay nakikipagkasundo sa buong pagkatao ng isang nilalang.
    b. Tayo ay nilikha ng Diyos, tinatawag na na maging banal, nilalayon Niyang makasama tayo sa buhay na walang hanggan.

Habang tayo ay nasa mundong ito, kailangan nating ibigin ang Diyos nang buo nating kaluluwa.

D. Mahalin ang kapwa

1. Ang pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa kapwa ay magkasama. 1 Jn 4:20-21. Sa gayon ito'y malinaw: kung walang pag-ibig sa kapwa, walang Kristiyanismo.
2. Ano'ng hindi pag-ibig ng Kristiyano.
    a. Ang pag-ibig ay hindi lamang batay sa positibo o Magandang nararamdaman.
        i. Ang pagmamahal ay madalas na naihahalintulad sa pakiramdam na naaakit sa ibang kasarian, personal na damdamin.
        ii. Ang damdamin ay nagbabago at hindi maaaring maging tanging batayan sa pagmamahal.
    b. Ang pag-ibig ay hindi laging pag sang-ayon
        i. Ang paglilingkod sa kapwa o ang unahin natin sila ay hindi nangangahulugan na hindi na natin sila maaaring tanggihan sa lahat ng pagkakataon na maaari natin silang paglingkuran. Minsan, hindi mo kaya. Kung minsan, hindi rin dapat kahit na kaya mo.
        ii. Mali ang ating konsepto ng pagmamahal sa kapwa kung nais lamang natin kunin ang loob nila.
    c. Ang pag-ibig ay hindi makasarili.
        i. Ang tampulan ng pag-ibig ay hindi ang ating sarili, bagkus ang ating kapwa. Sa kalikasan nito, ang pag-ibig ng Kristiyano ay handa para sa pagtanggi sa sarili.
3. Ano nga ba ang pag-ibig ng Kristiyano?
    a. Ayon kay Hesus, ang pag-ibig ay may kaugnayan sa pagsunod sa mg autos ng Diyos. Jn 15:9-10.
        i. Walang Kristiyanong pag-ibig na malayo sa kabanalan. Ang pagmamahal ay hindi tugma paggawa ng kasalanan.

ii. Ang karanasan ng mundo ay nagpapakita na ang pagmamahal na malayo sa Diyos ay kinasasangkutan ng kasalanan. (Hal. pakikipagtalik sa hindi asawa)

b. Si Hesus ay particular sa kung paano natin dapat mahalin ang isa't isa Jn 15:12

i. Wala tayong Kalayaan na baguhin o Haluan ng anuman ang direksyon ni Hesus.

c. Paano magmahal si Hesus? Jn 15:13 ng may pag-ibig na handing magsakripisyo ng sarili

i. Hindi lamang ito batay sa pagbibigay natin ng oras, pagbabahagi ng kaalaman, pagdadasal para sa iba, atbp., kundi sa pagiging handa natin na mamatay para sa iba.

4. Ngunit hindi lahat ay tinatawag para mamatay alang-alang sa kapwa. Paano natin ito maisasabuhay sa araw-araw natin na buhay?
   a. Ang sagot ay nasasabi sa Jn 13:1-5 (ang bahagi ng paghuhugas ng paa).
      i. Ang ginawa ni Hesus ay hindi pangkaraniwan sapagkat ito ay gawain ng pinakabatang alipin. Datapwat, tumutol si Pedro.
   b. Bagkus, ang pagkamatay sa krus ay hindi ang natatanging ibinigay na halimbawa ni Hesus. Ipinakita Niya kung paano magmahal ang isang Kristiyano sa pamamagitan ng paglilingkod.
   c. Noong natapos ni siya, sinabi ni Hesus sa kanila na tularan nila ito. Jn 13:14-15
      i. Kalaunan, inutos Niya na dapat tayong magmahalan gaya ng ginawa Niya. Jn 13:34
5. Sino ang ating kapwa? Maaari ba tayong mamili kung sino lamang ang ating mamahalin?
   a. Ang sagot ay nasa parabola ng mabuting Samaritano. Lk 10:29b-37

i. Ang mga Hudyo ay galit sa mga Samaritano na naki-asawa sa mga hentil. Dahil ito ay kapansin-pansin para sa mga Samaritano upang tulungan ang mga Hudyo na nanakawan at binugbog.

b. Ang implikasyon ng mga ito sa atin: lahat ng taong nangangailangan ng tulong ay ating kapwa.

6. Paano tayo magmamahal sa pang-araw-araw nating pamumuhay?

a. Ang mga katangian ng Kristiyanong pagmamahal. 1 Cor 13:4-7

b. Basahin ang mga talata ngunit palitan ng “ako” ang “pag-ibig”.

E. Minahal tayo ng Diyos. Iniligtas tayo ni Hesus. Kailangan tumugon tayo sa pamamagitan ng pagiging saksi sa pagmamahal ng Diyos at sa Kanyang pagliligtas.

Kopya para sa mga kalahok

**SESYON 2: TINAWAG UPANG MAGING SAKSI**

1. Ano ba ang tunay na Kristiyanismo? Ito ay makilala si Kristo, mabuhay kay Kristo, at maibahagi si Kristo.
   - Ang makita at makilala si Kristo ay pagkakaroon ng personal na relasyon sa Kanya.
   - Upang mabuhay tayo kay Kristo, kailangan nating tumugon sa kabanal-banalang pagtawag at pagsunod.
   - Upang maibahagi si Kristo ay nararapat tayong lumahok sa pagiging saksi ni Hesus at italaga ang mabuting salita sa araw-araw nating pamumuhay. Ang tawag sa atin ay mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa.

2. Gusto ng Diyos na mahalin natin Siya nang buong puso. Kaya itinalaga ito ng Diyos bilang pinakamahalagang utos.

3. Dapat nating mahalin ang Diyos ng buong puso, isip, lakas at kaluluwa

   - Hindi emosyon na nagbabago, ngunit ito ay pangako at desisyon na magmahal.
   - Dapat maging tapat tayo sa Diyos, unahin natin Siya.
   - Kailangan magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Diyos, maglaan ng regular na oras kasama Siya sa pamamagitan ng pagdarasal at ng Bibliya.
   - Paglingkuran natin ang Diyos gamit ang ating isip.
   - Panatilihin nating malinis at banal ang ating isip.
   - Gamitin natin ang ating isip ayon sa katotohanan ng Diyos at hindi ayon sa daan ng mundo.
   - Ialay natin sa Diyos ang lahat ng ating pag-aari – oras, pera, lakas, handog, abilidad at ari-arian.

4. Ibigin natin ang ating kapwa gaya ng pag-ibig natin sa ating sarili.
    - Mahalin ang kapwa kasabay ng pag-ibig sa Diyos, buoin ang kaibuturan ng buhay Kristiyano.
    - Ang pag-ibig ng Kristiyano ay:
        - Pagsunod sa mga utos ng Diyos
        - Pagmamahal na iniaalay ang sarili
        - Tapat sa paglilingkod sa iba
    - Ang ating kapwa ay sino mang nangangailangan ng ating tulong.

Panimula ng talakayan

Paano ko minamahal ang Diyos sa kongkretong paraan?

Mga Banal na Kasulatan:

Matthew 22:36-38 and Mark 12:28-30
John 14:21-24
John 14:21-24
Romans 12:1-2
1 Corinthians 13:1-13
1 John 2:7-11
1 John 3:16-18
1 John 4:7-21

Ang Hamon

Ang pagmamahal sa Diyos ay hindi malabo at hindi praktikal gaya ng iyong iniisip. Ito ay may kalakip na tiyak, praktikal na mga kilos, desisyon at mga pangako. Maaari mo bang mahalin ang Diyos nang higit sa lahat at sa buo mong makakaya? Handa ka na bang mamuhay gaya ng pamumuhay ni Hesus?

**SESYON 3: PAGSISISI AT PANANAMPALATAYA**

Layunin: Upang magsimulang mamuhay kay Kristo sa pamamagitan ng pagsisisi sa mga kasalanang ginawa at papanumbalikin ang pananampalatay kay Hesus.

Pinahahabang Balangkas

A. Makikita natin na minsan tayo'y nalilihis sa pagiging tapat sa ating buhay Kristiyano.
   1. Titawag tayo upang tumugon sa pagmamahal ng Diyos, grasya at pakikisama. Nararapat na maging tugon ay pagsisisi at pananampalataya. Mk 1:15
      a. Kailangan nating magsisi, hal. Pagbabagong buhay
      b. Kailangan nating maniwala sa mabuting balita, hal. pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos at sa mensaheng dala Niya.
   2. Ang pagsisisi at pananampalataya ay magkaugnay. Ito ay nangangailangan ng dobleng tugon na aksyon. Hindi sapat na ang isa lamang ang ating gagawin kung wala ang isa.
      a. Ang baguhin lamang ang ating buhay ay hindi sapat sa pagtugon sa Diyos. Kahit mga pagano ay kayang maging mabuti. Kailangan din natin maniwala sa Kanya at sa mga plano at pangako Niya.
      b. Ang maniwala lang sa Diyos ng hindi gumagawa ng paraan upang mabago ang buhay upang maging kaaya-aya sa Diyos ay hindi rin sapat. Ang pananampalataya ay kinakailangan na konektado sa moralidad. Sa madaling salita, ang pananampalataya ng walang gawa ay walang halaga.

B. Pagsisisi
   1. Ang Griyegong salita ng pagsisisi ay "metanoia", na literal na nangangahulugang pagbabago ng isip.
      a. Hindi lamang ito simpleng pangungumpisal ng mga maling gawa. Bagkus, ito ay tumutukoy sa pagbabago ng direksyon.

        i. Ang pagbabago sa iyong pamumuhay ay mahalagng pagbabago: pag-iwan sa mga dating mithiin at pagpapahalaga sa dati mong buhay kapalit ng mga bagong mithiin.
        ii. Ang pagsisisi ay nakaaapekto sa iyong paraan ng pag-iisip at kilos, saloobin, motibo, pagtingin at pag-uugali.
    b. Mas particular na kahulugan ng pagsisisi:
        i. Pagtalikod sa kasalanan, kasamaan at masasamang gawa.
        ii. Kasama rito ang pagtalikod sa paghawak sa direksyon ng sarili mong buhay. Ito ay pagharap sa buhay ng pagsunod sa Diyos at pagtatalaga kay Hesus sa trono ng iyong buhay.
2. Ano ang hindi pasisisi.
    a. Hindi ito nakabatay sa damdamin.
        i. Bagkus, nakadepende ito sa layunin at desisyon na tanggapin lamang ang katapatan ng Diyos sa buhay ng isang tao at pagtalikod sa mga hindi naaayon dito.
    b. Hindi ito tungkol sa pagsisisi sa kasalanan dahil takot tayo sa mga kahihinatnan nito.
        i. Hindi tayo dapat malito sa kalungkutan para sa kasalanan laban sa kahihinatnan ng kasalanan. Dapat nating kapootan ang kasalanan mismo.
3. Ano ang dapat nating gawin upang magsisi?
    a. Maging tapat. Aminin na gumawa tayo ng kasalanan sa ating buhay.
        i. Tawagin ang spade ng spade. Kung ito ay kasalanan, huwag itong tawagin na “karanasan sa paglago”.
    b. Itatuwa ang kasalanan. Patuloy na tumalikod sa kasalanan at magdesisyon na huwag na ito muling gawin.
    c. Humingi ng tawag sa Diyos.
        i. Dahil ang bawat kasalanan ay laban sa Diyos. Ps 51:6
        ii. Manalig sa pagpapatawad ng Diyos. 1 Jn 1:9
        iii. Ang kwento ng alibughang anak. Lk 15:11-24 kung tayo ay babalik sa Ama, kahit na gaano pa kasama ang ating naging

paraan ng pamumuhay, ibabalik Niya tayo sa tamang lugar bilang anak Niya.

d. Makinabang sa Sakramento ng Muling Pakikipagkasundo. hal. Lumapit sa pari upang mangumpisal

4. Mayroong mga tiyak na kasalanan na kailangan nating talikuran. Ito ang mga mabibigat na kasalanang hindi sang-ayon sa relasyon natin sa Diyos (yun ay mortal na kasalanan). Hindi ito tumutukoy sa tinatawag na “maliit na bagay” (hal. Kasalanang benyal [maliit] gaya ng isa sa mga kapintasan natin gaya ng madalas na pagkayamot), kahit na ang mga ito ay kailangan din pagsisihan. Ang mga mortal na kasalanan na ito ay:
    a. Ang paniniwalang nakakausap ang mga espiritu ng mga patay ang mga buhay at di-karaniwang kaalaman.
        i. Kabilang dito ang kulam, hula, panayam, paglalaro ng spirit of the glass atbp.
    b. Maling gawa sa pakikipagtalik.
        i. Kasama rito ang pakikipagtalik sa hindi asawa, pakikiapid, aktibong pakikipagrelasyon sa kaparehong kasarian.
    c. Aborsyon. Kabilang dito ang paggamit ng mga contraceptive na siyang itinuturing ng simbahan na tunay na gawaing masama.
    d. Mabibigat na krimen gaya ng pagpatay, panggagahasa, pagdakip, pagnanakaw, at korupsyon.
    e. Pagpapakalango sa alak (hindi lamang pag-inom, ngunit pagkalasing) at pagkakalango sa paggamit ng droga.
    f. Hindi pagsisimba tuwing araw ng Linggo.

C. Pananampalataya.

1. Ang pananampalataya ay paniniwala sa mabuting balita kung saan naroon ang kaligtasan sa pamamagitan ni Hesukristo.
2. Ang pananampalataya ay personal na pagkilos at pagpasya. Ito ay may ilang aspeto (Rev 3:20)
    a. Ito ay tiyak na pagkilos. Kailangan nating buksan ang pintuan kung papasok si Hesus sa buhay natin.

b. Ito ay isahang pagkilos. Kailangan nating buksan ang pinto ng sarili nating puso. Walang ibang pwedeng gumawa nito para sa atin.
c. Ito ay kusang pagkilos. Hindi natin kailangang maghinatay ng kababalaghan mula sa langit (gaya ng karanasan ni San Pablo) o ng emosyonal na karanasan na aabot sa atin. Alam na natin na si Hesus ay naparito sa mundo at namatay Siyang upang tubusin ang ating mga kasalanan. Siya ngayon ay naghihintay sa labas ng pinto ng ating puso at kumakatok. Ang susunod na hakbang ay nakadepende na sa atin.
d. Ito ay madaling kilos. Hindi tiyak ang hinaharap at ang oras ay lumilipas.
e. Ito ay kilangang-kailangang pagkilos.
    i. Ito ay parte ng ating dobleng aksyon na pagtugon.
    ii. Ito ay hakbang na kinakailangan upang matanggap ang lahat ng pangako ng Diyos. Ang pananampalataya ay nakabatay sa lahat ng sinabi ng Panginoon. Halimbawa nito ay si Pedro na naglakad sa tubig. (Mt 14:25-29).

3. Ipinangako ng Diyos ang bagong buhay para sa atin. Ang pananampalataya ay pagtanggap na ang buhay at pagpapakita ng Diyos kung paano paano mamuhay. Kailangan handa tayong gawin ang kalooban ng Diyos at totoong magawa ito.

D. Maaring bunga ng pagsisisi at pananampalataya
1. Acts 16:31
    a. Ang pangako ng kaligtasan mula sa kasalanan, kay Satanas at sa kamatayan.
    b. Ang pangako ng kapatawaran at buhay na walang hanggan kasama ang Diyos.
2. Luke 11:9-13
    a. Ang pangako ng panibagong buhay sa banal na Espiritu.
    b. Maaari tayong magdasal para sa mas malakas na kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa ating buhay.

E. Dalawang libong taon na ang nakalilipas simula noong ibinahagi ni Hesus ang tawag upang tayo ay magsisi at manampalataya. Ito pa rin ang tawag sa atin sa

kasalukuyan. Tinatawag tayo upang talikuran ang kasalanan at lahat ng maglalayo sa atin sa Panginoon at tanggapin natin si Hesus bilang ating Panginoon.

Kopya para sa mga kalahok

**SESYON 3: PAGSISISI AT PANANAMPALATAYA**

1. Mahal tayo ng Diyos, ipinadala Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang mamatay para sa atin dahil gusto ng Diyos na magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Kanya bilang ating Ama. Ang dapat nating tugon para sa lahat ng ginawa Niya para sa atin ay ang pagsisisi at pananampalataya.
2. Ang Griyegong salita ng pagsisisi ay “metanoia”, na literal na nangangahulugang pagbabago ng isip.
    a. Ito ay pagbabago ng direksyon sa buhay. Pagbabago sa kung paano tayo mamuhay sa pamamagitan ng pagtalikod sa mga dati nating paniniwala at sa pagsunod sa mga bagong mithiin.
    b. Partikular na kahulugan ng pagsisisi ay pagtalikod sa kasalanan, kasamaan, maling gawa at pagpapatakbo ng sarili mong buhay.
    c. Karagdagan pa, ito ay pagsunod sa buhay ng pagsunod sa Diyos at sa pagtatalag kay Hesus sa trono ng iyong buhay.
3. Mga tiyak na mabibigat na kasalanan na kailangan natin talikuran: pakiki-isa sa mga hindi Kristiyanong relihiyon o paniniwala, espiritismo at lihim; mga sekswal na maling gawain; mabibigat na kasalanan (pagpatay, panggagahasa, atbp.); pagkakalango sa alak at droga.
4. Ang pananampalataya ay paniniwala sa mabuting balita ng kaligtasan ni Hesus.
    a. Ito ay paniniwala kay Hesus bilang ating sariling na tagapagligtas.
5. Mga maaaring kahinatnan ng pagsisisi at pananampalataya:
    a. Pagkakaligtas mula sa kasalanan, kay Satanas at sa kamatayan.
    b. Kapatawaran at buhay na walang hanggan kasama ang Diyos.
    c. Bagong buhay sa Banal na Espiritu.

Panimula ng talakayan

1. Ibahagi sa isa’t isa ang mga bahagi ng iyong buhay na mas kailangan mong ialay sa Panginoon.

2. Ibahagi din kung alin sa mga nabanggit ang mas kailangan mong pagtuunan ng pansin upang mas lumago ang iyong pananampalataya.

Mga Banal na Kasulatan:

| | |
|---|---|
| Mark 1:14-15 | 1 John 1:5-10 |
| Galatians 5:13-21 and | Luke 15:11-24 |
| 1 Corinthians 6:9-11 | Luke 11:9-13 |
| Ephesians 5:1-10 | Hebrews 11:1-40 |

Ang Hamon

Ibinahagi ni Hesus ang tawag na tayo ay magsisi at manampalataya dalawang libong taon na ang nakalilipas. Ito pa rin ang tawag sa atin ngayon. Talikuran ang mga kasalanana at lahat ng maglalayo sa atin sa diyos, at tanggapin si Hesus bilang Diyos at tagapagligtas at manalig sa mga pangako ng Diyos.

**SESYON 4: ANG HANDOG NG ESPIRITU SANTO**

Layunin: Upang maunawaan ang tungkulin ng Espiritu Santo at upang tanggapin ang baptism sa Espiritu

Pinahahabang Balangkas

A. Upang mapaglabanan ang mga kasalanan, mabago ang ating buhay, maging banal, maging tunay na disipulo, at mahalin ang ating kapwa, lahat ng ito ay mahirap. Hindi natin ito kayang gawin lahat sa pamamagitan ng sarili nating lakas. Kailangan natin ng lakas na labas sa ating mga sarili. Ito ay ang Banal na Espiritu.

   1. Maraming tao noong panahon ni Propete Ezekiel ang nalulon sa kasalanan at nagpabaya sa buhay gaya ng mga Krisitiyano ngayon. Ito ang mga sinabi ng Diyos sa kanila:
      a. Ez 36:26 Ang pangako ng Diyos na Banal na Espiritu
      b. Ez 36:27 Ang pangako ng Diyos na tutulungan at palalakasin Niya tayo upang gawin ang tama. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay ng kalakasan.
   2. Ang espiritung pinangako ng Diyos sa pamamagitan ni Ezekiel ay ibinigay ni Hesus sa Kanyang mga alagad.
      a. Una, binigyang diin ni Hesus ang kahalagahan ng Espiritu Jn 16:7
      b. At pagkatapos, sinabi ni Hesus sa kanila na ipadadala Niya ang Espiritu upang sila ay maging tunay na saksi. Lk 24:48-49
   3. Karamihan sa mga Kristiyano ngayon ay mukhang mahina, kulang sa lakas at pagiging mabisa.
      a. Ngunit ang mga Krisitiyano ay hindi laging pabaya. Ang mga sinaunang Kristiyano ay dinamika, malakas at kahali-halina.
         i. Mula sa maliit na sekta, kayang sakupin ang buong imperyong Romano.
      b. Ang parehong lakas ay maaari pa rin nating magamit ngayon. Ito ay ang lakas mula sa Espiritu Santo.

c. Kailangan nating makilala ang Espiritu Santo hindi lamang mula sa doktrina ngunit bilang isang tao na totoong may epekto sa ating buhay.
d. Ang buhay na gayon sa Banal na Espiritu ay normal sa mga sinaunang Kristiyano. Totoo nilang naranasan ang pagkilos ng Espiritu Santo.
    i. Sa aklat ng mga Gawa, nakita natin kung paano kumilos ang Espiritu Santo sa kanila, ginabayan sila, kinausap, pinagkalooban ng handog at ipinadala sila sa misyon.

4. Gusto ng Diyos na ang lahat ng tao ay magkaroon ng bagong buhay. Panibagong buhay sa Espiritu na nariyan para sa lahat ng tumalikod sa kasalanan at tinanggap si Hesus bilang tagapagligtas at Diyos.

B. Pagtanggap sa Banal na Espiritu (ano ang kahulugan nito?)

1. Ang karanasan ng mga sinaunang disipulo.
    a. Ipinangako ni Hesus ang Banal na Espiritu at sinabi sa kanila na hintayin nila ito. Lk 24:49
    b. Sa araw ng Penecostes (isang pista ng mga Hudyo) ang Banal na Espiritu ay dumating. Acts 2
        i. Isang kapana-panabik na pangyayari. May ingay na gaya ng malakas na hangin, apoy, sabay-sabay na pagsasalita ng mga wika.
        ii. Ang mga manlalakbay mula sa iba't ibang lugar ay namangha.
        iii. Ipinamalita ni Pedro ang ebanghelyo at tatlong libo ang nagbagong loob.
        iv. Ang Banal na Espiritu ay gumawa ng bigkis ng pag-ibig at pagkakaisa mula sa mga bagong Kristiyano at ang simabahan ay isinilang.
    c. Ang iba ay nakatanggap din ng Banal na Espiritu
        i. Acts 8:14-17 (Samaria). Acts 10:44-46 (Cornelius). Acts 19:6 (Ephesus).

ii. Ang mga nakatanggap sa Banal na Espiritu ay kilala ang Diyos ng personal at mayroong mas higit na karanasan.

2. Ano ang kahulugan ng pagtanggap (o pagkakabinyag sa Espiritu) ng Banal na Espiritu para sa atin sa kasalukuyan?
    a. Maaari tayong makaranas ng parehong lakas at handog ng Espiritu gaya ng naranasan ng mga sinaunang Kristiyano.
        i. Tulad ng parehomng ugnayan kay Hesus.
        ii. Tulad ng kapangyarihang nagpapaabago
        iii. Tulad ng malalim na pagsamba
        iv. Tulad ng lakas sa pagsasalita para sa ebanghelyo
    b. Maaarin tayong tumanggap ng parehas na handog ng Espiritu 1 Cor 12:1, 4-11
        i. Maikling pagpapaliwanag sa bawat handog (Reference Book: “Renewing the Face of the Earth)
    c. Salita mula sa biyayang kaloob ng mga wika (tongues)
        i. Ang pagsasalita ng mga wika ay karaniwang karanasan sa pagbibinyag sa Espiritu. Gaya na lamang sa nangyari sa aklat ng mga Gawa.
        ii. Ito ay regalo mula sa Diyos. Kaya ito ay mahalaga.
        iii. Di tulad ng ibang mga espiritwal na handog, ang mga wika ay regalo na agarang nahahayag.
        iv. Ang mga wika ay ay maaaring magkaroon ng magandang kahihinatnan sa ating buhay espiritwal lalo na sa pagdarasal at pagsamba. 1 Cor 14:2 – dahil sa pamamagitan nito, maaari nating tunay na makausap ang Diyos. 1 Cor 14:14 – dahil dito, maaari tayong kumonekta sa Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal dahil ang ating espiritu ang kumokonekta sa Diyos na siyang espiritwal na nilalang.
3. Paano natin matatanggap ang baptism sa Espiritu?
    a. Ipinangako ng Diyos sa atin ang Banal na Espiritu. Lk 11:9-13

    b. Kaya naman patuloy nating panghawakan ang pangako ng Diyos. Hilingin natin sa Ama na ipagkaloob Niya sa atin ang Banal na Espiritu.
        i. Maaari tayong maging tiyak na matatanggap natin ang Espiritu dahil sinabi ito ng Diyos. Kailangan lamang natin itong hilingin ng may pananampalatay.

C. Nais ka naming ipagdasal at magdasal kasama ka para sa baptismo ng Banal na Espiritu.
1. Una, bilang palatandaan ng pagsisisi at pananampalataya, aanyayahan ka naming na italaga ang iyong sarili kay Kristo. Ito ang iyong pangako sa baptismo. Pagkatapos ay ipagdarasal ka naming.
2. Dapat mong mabatid ang mga maaaring maging sagabal sa pagtanggap mo ng handog ng Diyos.
    a. Ang pagkakaroon ng hindi nagsisising kalooban. Ang hindi pag-amin o pagtanggap sa mga kasalanan bilang kasalanan.
    b. Pakiramdam na wala kang halaga. Gaya ng pagtalikod natin sa inaalay na pagyakap ng Diyos.
    c. Takot
        i. Kung ano ang iisipin ng iba, na magmukhang hangal, sa pag-abot ng iba.
        ii. Kung ano ang maaaring hilingin o hingin sa atin ng Diyos
    d. Pagdududa. Ipinangako ng Diyos at ipagkakaloob niya ang Espiritu kung ating hihilingin.
    e. Pagmamalaki. Ang pagtingin na ayaw o hindi mo kailangan ang handog ng Diyos.
3. Alam mo kung ano ang kailangan mo. Hilingin mo ito.
    a. Mas marami pang tapang upang mamuhay sa Krisityanong paraan, lakas upang labanan ang tukso, mas marami pang kaalaman tungkol sa Diyos, atbp.
    b. Inaalok ka ng Diyos ng iba’t ibang handog. Maging bukas sa kung ano man ang nais ibigay sayo ng Diyos.

D. Ang sesyon ng panalangin.
    1. Ipaliwanag ng mabilis ang mangyayari.
    2. Awitin ang kantang “Create in me”
    3. Isagawa ang pagdadasal ng “Commitment to Christ”
    4. Ipagdasal mo ang pagbibinyag ng Espiritu. Sa pagitan nito, maaaring awitin ang “Spirit of the Living God”
    5. Pagkatapos ng pagdarasal, maglaan ng oras para sa maikling pagsamba (kasama ang pag-awit sa mga wika/tongues)
E. Ang pangwakas na pangaral.
    1. Ang bawat tao ay may kanya-kanyang karanasan.
        a. Ang pakiramdam ay hindi ang pinakamahalagang bagay. Bagkus, tingnan ang bagong daan kung saan kumilos ang Diyos sa iyo at tumugon dito. (hal. ang bagong pagnanais na magdasal, para sa Banal na Kasulatan, atbp.)
        b. Kung hindi ka nagsalita ng mga wika, huwag kang mag-alala. Huwag mong itumbas ang pagbibinyag sa Espiritu sa pagsasalita ng mga wika.
            i. Patuloy ka lang na maging bukas sa Diyos, hanggang ang iyong pagsamba ay maging pagsasalita ng mga wika.
    2. Magkaroon ng kamalayan na maaari kang tuksuhin ni Satanas upang ikaw ay magduda.
        a. Si Satanas ay nagnanasa na nakawin ang lahat ng handog mula sa Diyos. Para sa kanya, ang susunod na maaari niyang gawin ay pigilan ka sa paggamit ng mga handog na ito mula sa Diyos.
        b. Huwag mong hayaan ang damdamin ng pagdududa na guluhin ka. Lagi mo lamang tatandaan na ipinangako ito ng Diyos, hiniling mo ito, at matatanggap mo ito.
    3. Huwag kang umasa na ang lahat ng iyong problema ay mawawala bigla, kahit na ang marami ay maaring maresolba. Ang banal na Espiritu ay gagawa ng malaking pagbabago sayo at makikita mo ito. Ngunit hindi lahat

ay magbabago. Maaaring ang ibang bagay ay matagal bago maayos. Ngunit magkakaroon ka ng lakas upang ayusin ang mga ito.

**SESYON 5: PAGLAGO SA ESPIRITU**

Layunin: Maituro ang mga pangunahing kasangkapan sa paglago bilang mga Kristiyano.

Pinahabang Balangkas

A. Panimula
    1. Ang pagbibinyag sa Espiritu ay panimula lamang. Ngayon kinakailangan natin lumago sa panibagong buhay na ito sa Espiritu.
    2. Upang lumago, kailangan nating gamitin ang mga pangunahing paraan ng paglago na ipinagkaloob ng Diyos sa atin. Ito ay ang panalangin, pag-aaral, paglilingkod, pakikisama, at mga sakramento.

Ang buhay Kristiyano ay maaaring ihambing sa gulong ng isang kariton

- Ang outer rim. Ito ang bahagi ng gulong na sumasalubong sa daan. Ito ay kumakatawan sa pang-araw-araw na buhay Kristiyano.
- Ang hub. Ito ang bahagi ng gulong kung saan nagmumula ang kapangyarihan ng rim. Ang hub ay ang ating Panginoong Hesukristo na siyang sentro ng ating buhay. Ang kapangyarihan naman ay ang Banal na Espiritu.
- Ang spokes. Ang mga ito ay nagsisilbing daluyan ng kapangyarihan at direksyon mula sa hub hanggang sa rim. Sa karanasang Kristiyano, ang mga spokes ay ang paraan ng paglalagay ng ating buong buhay na konektado kay Kristo, upang ang ating buhay ay mabago sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan at direksyon.

Ang unang kasangkapan: Panalangin.

1. Ang panalangin ang pangunahing paraan para sa pagtatatag at pagpapanatili ng malalim at mapagmahal na personal na relasyon sa pagitan natin at ng Diyos.
2. Ang isang matagumpay na buhay panalangin ay naglalaman ng tatlong mahahalagang prinsipyo.

A. Ang ating panalangin ay kailangang maging tapat.
    a. Magpasyang maglaan ng oras sa Panginoon araw-araw.
    b. Magpasya sa mga praktikal na detalye.

Kailan? Magpasya ng tiyak na oras sa loob ng isang araw na kaya mong panindigan.

Saan? Mt. 6:6. Humanap ka ng lugar kung saan hindi ka maiistorbo o magugulo.

Gaano katagal? Magsimula sa 5 hanggang 10 minuto, at sa susunod ay dagdagan.

- Gumamit ng pormat upang makapagsimula.
- ACTS. Adoration, Contrition, Thanksgiving, Supplication. (Pagsamba, Pagsisisi, Pasasalamat, Pagsusumamo)
- Gumamit ng mga gabay sa pang-araw-araw na panalangin (hal. God's Word Today, The Word Among Us, Our Daily Bread).

B. Ang ating panalangin ay dapat pangunahan ng Banal na Espiritu.
   a. Nakatutulong ang nakatalagang oras at nakabalangkas na panalangin, ngunit maaari nitong gawing tuyo at walang diwa ang ating panalangin. Maging bukas sa pagbabago ng iyong balangkas sa pamamagitan ng gabay ng Espiritu.

C. Ang ating panalangin ay dapat nakasentro sa relasyon natin kay Hesus.
   a. Ang panalangin ay paraan para sa isang layunin, hindi ito ang wakas. Ang ating layunin ay hindi para "magdasal" o para "magdasal ng mabuti", bagkus ito ay para lumago ang relasyon natin sa Panginoon.
   b. Ang mga tao ay maaaring makulong sa mga diskarte. Bagama't makatutulong ang mga ito, ang panalangin ay talagang napakasimple. Ito ay paraan ng pagmamahal sa Diyos at pagmamahal Niya sa atin.
   c. Ibigay ang tuon hindi sa panalangin kundi sa Panginoon.

Sa tradisyong Katoliko, ang pamamagitan sa panalangin ni Maria at ng mga santo ay isang makapangyarihang kasangkapan sa panalangin. Ang debosyon kay Maria at sa mga santo ay bahagi ng pananampalataya ng isang Katoliko. Ang pagdarasal ng Santo Rosaryo ay isa ring kasangkapan.

Ang pangalawang kasangkapan: Pag-aaral.

Kailangan natin makilala at maunawaan ang Diyos at ang Kanyang mga paraan. Ang pag-aaral ay isang sinadya, nakatutok na paggamit ng talino, hindi pangunahing tumutukoy sa iskolar o akademikong pagsisikap kundi sa mas malawak na proseso ng pag-unawa ng higit sa Diyos upang mas mahalin at mapaglingkuran natin Siya.

Tatlong paraan para madagdagan pa ang ating kaalaman tungkol sa Diyos.

A. Ang Bibliya

a. Ito ang pinakamahalaga, sapagkat ito mismo ang salita ng Diyos. Tinuturo nito kung sino ang Diyos, ano ang Kanyang nagawa, at ano ang mga gusto Niyang ipagawa sa atin.
b. Dapat magbasa tayo ng Bibliya araw-araw.
    i. Magsimula sa 10 hanggang 15 minuto.
    ii. Ipagpatuloy ang isang mas sadyang pag-aaral ng mga bahagi ng Bibliya.
    iii. Dapat nating gawing layunin na basahin ang buong Bibliya.

B. Espiritwal na Pagbabasa
    a. Matapos basahin ang sinabi ng Diyos tungkol sa Kanyang sarili (Bibiliya), maaari nating basahin kung ano ang sinabi ng mga tao sa Kanya. Sa pamamagitan nito, makakakuha tayo ng mga espirituwal na pananaw at pag-aaral sa buong buhay ng Simbahan.
    b. Kabilang dito ang pagbabasa ng mga espirituwal na aklat, magasin, artikulo, atbp.

C. Mga aral at pangaral
    a. Ang aming mga turo at pormasyon sa MFC.
    b. Ang salita ng Diyos na binabanggit sa homiliya tuwing Linggo, sa mga kaganapan sa parokya, sa mga kumperensiya, atbp.
    c. Ugaliin ang pagkuha ng mga tala o pagsusulat.

<u>Ang ikatlong kasangkapan:</u> Paglilingkod.

1. Si Hesus, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay kumikilos sa ating mga buhay, hindi lamang para sa ating mga pansariling pag-unlad, kung hindi para rin ihanda tayo sa mabisang paglilingkod sa Kanya at sa mga taong nananalig sa Kanya.
2. Kailangan natin taglayin ang isaisip ang paglilingkod upang makita natin ang ating buong buhay na inihahandog sa mga gawain ng Diyos at kailangan din nating taglayin ang puso ng isang naglilingkod, katulad na lamang ni Hesus. Mt. 20:26-28.
    a. Habang inuuna natin ang Panginoon sa ating buhay, tinatawag Niya rin tayong mag-abot ng tulong sa iba.

   b. Tinutulungan tayong lumago ng paglilingkod sapagkat tinataglay nito ang mga pangunahing ugali na mayroon tayo sa ating mga sarili pati na rin sa ating kalayaan. Ang paglilingkod sa iba ay pagiging mapagkumbaba.

Mga paraan para tayo ay makapaglingkod:

A. Una, pinaglilingkuran natin ang Diyos sa paraan ng ating pamumuhay.
   a. Araw-araw na panalangin at pagbabasa ng Banal na kasulatan.
   b. Paghahangad ng katuwiran at kabanalan.
B. Naglilingkod din tayo sa paraan ng pagsasagawa ng mga pangunahing responsibilidad na ipinagkaloob sa atin ng Diyos sa araw-araw nating pamumuhay.
   a. Hal., bilang asawa, bilang magulang, bilang empleyado, atbp.
C. Pagkatapos ay pinaglilingkuran natin ang ating kapwa sa pamamagitan ng pagtingin sa maraming pagkakataon para maglingkod sa araw-araw.
   a. Hal., mabuting pakikitungo, pag-aalok ng masasakyan, pag-aalaga ng bata, pagbisita sa may sakit, atbp.
D. Pinatototohanan natin ang ating pananampalataya kay Hesus sa paraan ng ating pamumuhay. Maging bukas sa mga pagkakataong ibahagi ang iyong pananampalataya sa pamilya, kaibigan, kapitbahay, katrabaho, at sa buong mundo.
E. Ihanda ang ating sarili at ang ating mga mapagkukunan para sa gawain ng Diyos. Ang ating oras, talento, at kayamanan.
   a. Gumawa ng mga mabuting gawain. James 2:14-17.
   b. Sumuporta sa pamamagitan ng panalangin at pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga mahuhusay na ministeryong Kristiyano na nagpapalaganap ng ebanghelyo.
   c. Humanap ng mga pagkakataong ibigay ang iyong panahon at lakas upang regular na makapaglingkod sa isang Kristiyanong grupo.

<u>Ang ika-apat na kasangkapan:</u> Pakikisama.

1. Ang pakikisama ay tumutukoy sa halos lahat ng ginagawa ng mga Kristiyano. Ito ay ang pag konkreto ng isang espirituwal na katotohanan, na tayo ay magkakapatid na kabilang sa isang pamilya.
2. Hindi tayo nagiging ganap na mga Kristiyano nang tayo lang. Dapat tayong makiisa sa iba upang maranasan ang kabuuan ng buhay Kristiyano.
   a. Kailangan natin ng suporta galing sa iba. Kailangan natin ng kanilang karunungan at lakas.

   b. Kailangan nating gawin ang mga bagay nang magkakasama. Ang pakikisama ay hindi opsyonal.

Ilang paraan upang maranasan ang Kristiyanong pakikisama.

A. Pagsamba sa mga liturhiya, pagpupulong sa panalangin, mga kumperensiya.
B. Pagsasama-sama sa mga pagtuturo at pormasyon.
C. Magkakasamang paglilingkod (katulad ng grupo sa CLS na ito)
D. Mga pangmalakihang pagtitipon.

Ang MFC ay magiging isang paraan ng pagtatamasa ng Kristiyanong pakikisama.

<u>Ang ika-limang kasangkapan (para sa mga Katoliko):</u> Ang mga Sakramento.

1. Sa tradisyong Katoliko, ang pinakamahalagang kasangkapan para sa espirituwal na paglago ay ang mga sakramento. Ito ang mga pangunahing daluyan ng grasya ng Diyos para sa ating mga buhay.
2. Inirerekomenda namin ang madalas na pangungumpisal at pagkokomunyon.
   a. Kahit na isang beses lang sa isang taon kinakailangan ang pangungumpisal, nararapat lang na gawin natin ito nang mas madalas.
   b. Kahit na isang beses lang sa isang taon kinakailangan ang pagkokomunyon, nararapat lang na tanggapin natin ito nang mas madalas na may tamang kalooban.

Kongklusyon.

1. Itong CLS na ito, ang iyong pangako kay Kristo, ang pagbibinyag sa Banal na Espiritu– lahat ng ito ay panimula pa lamang ng bagong buhay. Tayo ay “mga sanggol kay Kristo” at kailangan nating lumago, gamitin ang mga kasangkapang ibinigay ng Diyos.

2. Kung ikaw ay tapat, hindi ka mabibigo.

<u>Kopya para sa mga kalahok</u>

**SESYON 5: PAGLAGO SA ESPIRITU**

1. Ang pagbibinyag sa Espiritu ay panimula lamang. Ngayon ay kinakailangan na nating lumago sa panibagong buhay na ito sa Espiritu. Kailangan tayong mabigyan ng lakas na maging saksi sa kung sino man ang magbabahagi kay Kristo sa iba.
2. Mayroong 5 pangunahing kasangkapan sa paglago.
    a. Panalangin. Ang panalangin natin ay dapat na taimtim, pinangungunahan ng Espiritu, at nakasentro sa pakikipagrelasyon kay Hesus.
    b. Pag-aaral. Kabilang dito ang Bibliya, ang mga babasahing pang espirituwal (aklat, magasins, artikulo), at pagtuturo at pangangaral.
    c. Paglilingkod. Mt 20:28. Paraan para maglingkod: Sa pamamagitan ng kung paano tayo nabubuhay sa kabanalan ng buhay; sa pagpapakita ng pangunahing responsibilidad sa buhay; sa mga oportunidad ng araw-araw na pamumuhay; sa pamamagitan ng paglalaan natin sa Diyos ng ating pinagkukunan; sa paggawa ng pangangaral.
    d. Sakramento at debosyon kay Maria.
    e. Pagpupuri.
3. Ang kilusang Live Christ, Share Christ (LCSC).
    a. Pagsasabuhay ng kasunduan sa LCSC.
    b. Dumalo sa pagpupulong ng buwanang pagdarasal.
    c. Ibahagi si Kristo sa mga kapwa nagsisimba.

Ang Hamon: Tayo ay tinawag upang mabuhay kay Kristo at ibahagi si Kristo. Binigyan tayo ng mga kagamitan na kailangan nating gawin. Ikaw ngayon ay tinawag para makilahok sa paggawa ng pangangaral. Ibibigay mo ba ang iyong sarili upang sa gayon ay paganahin ang iba na makaranas sa bagong buhay kay Kristo?

**SESYON 6: ANG BUHAY AT MISYON NG MFC: PAGBABAGO MULA KAY KRISTO**

Layunin: Maipaliwanag ang buhay at ang misyon ng Missionary Families of Christ (MFC) at magbigay inspirasyon sa mga nagnanais na maging parte ng samahan na ito.

Pinalawak na Balangkas:

Noong nakaraang linggo, pinagusapan natin ang tungkol sa mga pangunahing kasangkapan sa paglago sa ating buhay Kristiyano. Ang isang kasangkapan doon ay ang pagkakaroon ng regular na pakikisama at suportadong relasyon sa ibang mga Kristiyano. Ngayong gabi, tatalakayin namin sa inyo nang mas detalyado kung paano namin natutunan na iangkop ang karunungan at kapangyarihan ng Diyos sa aming personal at pampamilyang buhay habang pinapasok ang nakatuong relasyon sa isa't isa bilang mga Kristiyano.

A. Ano ang Missionary Families of Christ (MFC)?

1. Ang MFC ay isang Kristiyanong pang-ebanghelyo at misyonaryong komunidad na nakatuon sa pagtatanggol ng pananampalataya, pamilya, at buhay.
    a. Nagsimula ito noong Hunyo 1981 sa Manila, Philippines, kasama ang 16 na mag-asawa.
    b. Sa ngayon, mayroon nang mga seksyon ang MFC para sa ibang mga miyembro ng pamilya bukod sa mag-asawa. Simula noong 1993, mayroon itong mga ministriya para sa mga bata, kabataan, mga walang pamilya, mga nag-iisa, mga balo/nahiwalay, at mga balo/nahiwalay na lalaki. Ito ay isang "womb-to-tomb" na ministriya.
    c. Nakikilahok din ang MFC sa panlipunang dimensyon ng ebanghelyo. Mayroon tayong gawain para sa mga mahihirap, gawain para sa katarungan, at gawain para sa buhay.
2. Ano ang tawag sa atin na gawin?
    a. Basahin ang mga Pahayag ng Bisyon at Misyon ng MFC.
    b. Basahin ang Pahayag ng Pilosopiya ng MFC.

c. Basahin ang Core Values ng MFC.

Sa pamamagitan ng mga ito, nakikita natin ang kahalagahan ng misyon ng MFC ngayon.

1. Ang pamilya, bilang pangunahing yunit ng lipunan, ay bahagi ng plano ng Diyos. Gayumpaman, maraming puwersa sa mundo ngayon ang nagsusumikap na sirain ang pamilya. Itinaguyod ng Diyos ang MFC upang ipagtanggol ang Kanyang gawain. Ang ating tungkulin ay palakasin ang buhay pamilya. Ito ang dahilan ng ating pagkabuhay.

2. Paano natin matutupad ang ating misyon?

a. Sa pamamagitan ng pagpapabago ng mga indibidwal, pamilya, at Simbahan sa pandaigdigang antas.

b. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng malakasang suporta sa aming mga miyembro.

B. Paano natin sinusuportahan ang isa't isa sa MFC?

1. Sa pamamagitan ng ating nakatuong relasyon.

a. Naniniwala kami na may responsibilidad tayong hikayatin at suportahan ang isa't isa sa buhay Kristiyano. Kaya naman, nangangako kami na magtulungan sa paglago bilang mga Kristiyano.

b. Mayroon kaming 4 na pangakong nakapaloob sa aming kasunduan.

- Basahin ang "The Covenant of MFC" at ipaliwanag nang maikli.

2. Sa pamamagitan ng mga households. Lahat ng miyembro ng MFC ay kasapi sa mga cell group na tinatawag namin na "households." Pagkatapos ng CLS na ito, iniimbitahan namin ang bawat isa na maranasan ang pagiging kasapi ng isang household.

a. Layunin ng isang household na magkaroon ng mas maliit at mas intimate na kapaligiran para sa personal na suporta sa buhay Kristiyano, at magbigay ng paraan para sa pagsusulong at pagsasanay sa paglago bilang isang Kristiyano.

■ Dito, maaari mong ibahagi ang iyong mga karanasan sa buhay na magsisilbing praktikal na karunungan ng Diyos.

■ Maaari kang matulungan na malampasan ang mga pagsubok sa buhay Kristiyano.

■ Magkakaroon ka ng tunay na mga kaibigan at tunay na kapatiran, kung wala ito, ang ating buhay Kristiyano ay magkukulang sa kasiyahan.

a. Ang isang household ay binubuo ng 4 hanggang 7 na mag-asawa o indibidwal.

b. Ang isang household ay nagkakaroon ng pagpupulong isang beses sa isang linggo, sa parehong araw ng linggo na pinagkasunduan ng mga miyembro nito.

■ Mas mababa sa isang beses sa isang linggo ay hindi makapagbibigay ng sapat na pakikipag-ugnayan upang magkaroon ng sapat na suporta at pampatibay-loob sa buhay Kristiyano.

■ Ang mas mataas sa isang beses sa isang linggo ay maaaring maging pasanin at maaaring kumuha ng oras na mas mabuti sanang itinutuon sa trabaho, pamilya, personal na pangangailangan o serbisyong Kristiyano.

c. Ang mga households ay ginaganap sa mga tahanan ng mga miyembro ng grupo (hangga't maaari), sa rotation basis kada linggo. Ang pagdaraos ng mga household sa ating mga tahanan ay may mga sumusunod na halaga:

■ Ang pagsamba sa Panginoon sa ating mga tahanan ay nagiging isang konkretong katunayan na ang tahanan ay isang domestikong simbahan. At ang mga biyayang mula sa Diyos ay tiyak na babagsak sa tahanang kung saan matatagpuan ang mga taong sumasamba sa Kanya at lumalago sa pananampalataya nang magkakasama.

■ Ang mga taong kasama natin sa ating tahanan - ang ating mga anak, marahil ang ating mga magulang, ang mga kasamahan sa bahay, at ang mga taong pinakamalapit sa atin - ay magiging maalam sa kung saan tayo nakikilahok at kung ano

ang ginagawa natin kada linggo. Sa kanila, tayo ay magiging mga taong bukas at malakas ang pag-iral ng Kristiyanong pananampalataya.

■ Ang ating ginagawa sa ating tahanan ay maaaring gamitin ng Panginoon bilang isang epektibong kasangkapan para sa ebanghelisasyon, lalo na para sa ating mga kamag-anak, kapitbahay, at mga kaibigan.

a. Sa pangkalahatan, may tatlong sangkap sa isang karaniwang household (katulad ng ating naranasan sa CLS na ito): isang mahabang oras ng panalangin at pagsamba, oras para sa pagbabahagi o diskusyon, at ilang oras para sa salo-salo.

3. Sa pamamagitan ng ating patuloy na pagtuturo at pormasyon.

a. Mayroong pormal na programa sa pagtuturo sa unang taon.

■ Covenant Recollection (2 buwan pagkatapos ng CLS).

■ Marriage Enrichment Retreat 1 (3 buwan pagkatapos ng CO).

■Evangelization Training (sa pagtatapos ng taon).

b. Pagkatapos ng unang taon, may iba't iba pang kurso (MER 2, FCL) at iba't ibang mga module ng pagsasanay para sa mga maglilingkod sa MFC.

c. Iba't ibang mga aral ay ibinibigay din sa ating Pastoral Formation Office, sa mga prayer assemblies, at sa iba pang mga pagkakataon. Mayroon din tayong mga aklat tungkol sa ebanghelisasyon, kasal, pagtutulungan para sa mga mahihirap, atbp.

4. Sa pamamagitan ng iba't ibang regular na aktibidad ng ating komunidad.

a. Buwanang prayer assemblies (sa halip na household meeting).

b. Anibersaryo, Family Days, Evangelization Rallies, Leaders Conferences, atbp.

c. Mga gawaing panlipunan.

D. Ano na ang maaari nating gawin ngayon?

1. Sa buong CLS na ito, maraming bagay ang nangyari:

a. Ang iyong pagsisisi, personal na pagbabago, at isang mas malalim na pananampalataya sa Diyos.

b. Ang iyong pagtanggap kay Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon.

c. Pinalakas ka sa pamamagitan ng binyag sa Banal na Espiritu.

2. Ngayon, kailangan mong hayaan ang Panginoon na ipagpatuloy ang proseso ng iyong pagbabago kay Kristo. Ang Banal na Espiritu ay gumagalaw upang makamit mo ang paglago sa pagkakakilala, pagmamahal, at paglilingkod sa Diyos.

3. Narating na natin ang dulo ng ating CLS. Ngunit sa totoo lang, hindi ito ang katapusan. Ito ang tunay na simula. Mayroon tayong harapin na buhay kasama si Diyos at ang isa't isa. Ito ay nakakexcite!

4. Magalak tayo na si Hesus ang ating Panginoon.

E. Seremonya ng Pagtatalaga

1. Ipapaliwanag ng lider ang seremonya ng pangako.

2. Aanyayahan ng lider ang lahat na tumayo. Kakanta ng isang kantang tungkol sa pag-aalay ng sarili (e.g. Lord, I Give You My Heart; Lord, I Offer My Life, Christ is Enough, Forever, o iba pa)

3. Aanyayahan ng lider ang lahat na basahin ang kasunduan ng Missionary Families of Christ (MFC). Babasahin ito ng malakas at sabay-sabay.

4. Ipagdadasal ng lider ang mga bagong tapat na miyembro at aanyayahan ang iba pa na ipanalangin din sila. Sa mga oras na ito, magandang magpatugtog ulit ng isang kanta (hal., Spirit of the Living God).

5. Masayang tatanggapin ng lider ang mga bagong kapatid sa MFC at iimbitahin ang mga lumang miyembro na ipahayag ang kanilang pagtanggap sa mga bagong kapatid sa

pamamagitan ng malakas na palakpakan. Susundan ito ng pagbati at pagtanggap ng mga lumang miyembro sa mga bago. Ang music ministry ay maaaring tumugtog ng "Welcome to the Family" at iba pang masisiglang kanta.

6. Susundan ito ng pagtitipon.